

# Platong Hiram

Sinulat Ni: **Leana Krishna P. Ricardo**
Ginuhit Ni: **Genelyn D. Sequio**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**

Noong unang panahon ay may nakatirang diwata na nagngangalang si Imang sa Bukid na Bato ng Barangay Fatima. Ang diwatang ito ay nagpapahiram ng mga gamit para sa mga espesyal na okasyon. Katulad ng mga gintong kutsara, malaporselanang pinggan, at kubyertos.

Sa lahat ng okasyon ay pinapahiram ni Imang ang mga taga-barangay ngunit maraming pagkakataong hindi naibabalik ng mga tao ang kanilang hinihiram na gamit.

Isang araw, kinasal ang anak ni Mang Uning  kaya nanghiram sila ng gamit sa diwata. Pinahiram naman sila nito ng mga plato.  Pagkatapos ng okasyon, wala na namang nagbalik ng plato sa diwata.

Dahil dito, galit na galit si Imang at sinumpa ang lahat ng mga nanghiram. Nagkasakit ang ikinasal at lahat ng mga gumamit ng hiram na plato. Kaya kinausap nila ang diwata.

"Kailangan ninyong ibalik ang lahat ng mga gamit na hiniram ninyo," sabi ng diwata.



"Ang mga may utang ay dapat magbayad," dagdag pa ng diwata.

“Ako’y nananawagan sa lahat ng nangungutang at nanghihiram ng gamit na matutong magsauli,” sigaw ni Mang Uning sa mga kababayan ng Barangay Fatima.

Mula noon, naging masaya na ang mga taga-Fatima at sa tuwing sila ay manghihiram ng gamit ay isinasauli na nila at nagpapasalamat sa diwatang si Imang.